

## **PATAKARAN NG LUNGSOD NG HUNTINGTON BEACH SA PAGPAPATIGIL NG SERBISYO SA TUBIG SA TIRAHAN**

**1. Paglalapat ng Patakaran.** Ang Patakarang ito sa Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig sa Tirahan (ang “Patakaran” na ito) ay para sa lahat ng mga pang-tirahan na Account ng Serbisyong Munisipal ng Lungsod para sa serbisyo sa tubig, pero hindi ilalapat sa anumang mga account para sa hindi pang-tirahan na serbisyo sa tubig. Sa lawak na ang Patakarang ito ay salungat sa anumang iba pang mga tuntunin, regulasyon o patakaran ng Lungsod, mananaig ang Patakarang ito, maliban sa kaso ng pagsalungat sa isang ordinansa ng Lungsod, ang Ordinansa ang mananaig.

**2. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga tanong o tulong tungkol sa Bayarin sa Mga Serbisyong Munisipal ng kostumer , maaaring makipag-ugnayan sa kawani ng Customer Service ng Lungsod sa (714) 536-5919 Lunes hanggang Biyernes, mula 8:30 a.m. hanggang 4:00 p.m., maliban sa mga pista-opsiyal ng Lungsod. Maaari ring bumisita ang mga kostumer sa Customer Service desk ng Lungsod sa City Hall, 2000 Main Street, Huntington Beach, CA, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga pista opisyal ng Lungsod.

**3. Deposito sa Pagtatag o Muling Pagtatag ng Serbisyong Munisipal.**

- A. Ang mga deposito para sa mga serbisyong munisipal ay itinatakda ng City Master Fee at Charges Resolution.
- B. Hindi kinakailangan ng Lungsod na patunayan ng kostumer ang pagiging karapat-dapat sa kredito upang simulan ang isang bagong account para sa mga serbisyo ng munisipyo na pang-tirahan. Upang masimulan ang isang bagong account para sa mga serbisyo ng munisipyo na pang-tirahan, dapat magbayad ang customer ng kinakailangang deposito alinsunod sa Master Fee at Charges Schedule ng Lungsod.
- C. Hindi sisingilin ng Lungsod ang mga Deposito sa panahon ng pagbubukas ng account para sa mga account na pang isang-pamilyang tirahan, kung may maibibigay na sulat ng kredito na galing sa kanilang nakaraang kumpanya ng gas, tubig, o elektrisidad. Dapat maipahayag ng sulat ng kredito na ang kostumer ay nagkaroon ng serbisyo sa nakaraang labindalawang (12) sunod-sunod na buwan na walang higit sa isang (1) late na pagbayad. Ang mga deposito ay ibabalik (refund) para sa mga nasimulang pang isang-pamilyang tirahan na account matapos ang isang (1) taon ng serbisyo na walang higit sa isang (1) late na pagbayad.

**4. Mga Pamamaraan sa Pagsingil.** Ang serbisyo sa tubig ay kasama sa Bayarin para sa Serbisyong Munisipal (Municipal Service Bill). Kasama sa Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ang mga bayarin at singilin para sa serbisyo sa tubig, basura, alkantarilya, patubig at sunog. Ang mga Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ay ibinibigay sa humigit-kumulang na bawat tatlong (30) araw. Ang lahat ng mga Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ay dapat mabayaran nang dalawampu't-walong (28) araw matapos ang petsa sa Bayarin. Ang anumang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal na hindi nabayaran nang buo sa loob ng tatlong (30) araw mula sa petsa sa Bayarin ay delingkwente.

**5. Pagtigil ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Di-pagbayad.** Kung ang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ay delingkwente nang hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo, sa kundisyon na ang serbisyo ng tubig ay hindi ititigil sa mga kaganapang nakalagay sa Seksyon 10.

**6. Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig – Hakbang 1: Nakasulat na Abiso sa Kostumer na Nakatala; Abiso sa Hindi Nabayaran.** Pagkatapos ng susunod na tatlong (30) araw mula sa petsa ng anumang delingkwenteng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal, ang Lungsod ay magpapadala ng nakasulat na abiso sa Kostumer na Nakatala na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

- A. Ang pangalan at address ng kostumer.
- B. Ang halaga ng dapat bayaran sa Bayarin para sa Serbisyong Munisipal

- C. Ang huling petsa kung kailan dapat gawin ang pagbayad upang maiwasan ang mga karagdagang bayarin. Ang petsang ito ay hindi bababa sa labinlimang (15) araw mula sa petsa ng pagpapadala ng abiso sa dapat bayaran.
- D. Ang kostumer ay maaaring humiling na pumasok sa isang Kasunduan sa Amortisasyon sa Lungsod na magpapahintulot sa kostumer na bayaran ang nakaraang halaga ng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal sa itatakdang panahon.
- E. Ang numero ng telepono kung saan maaaring tumanggap ang kostumer ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.
- F. Ang oportunidad para sa mga nakatirang residente na nangungupahan sa isang landlord upang gampanan ang responsibilidad sa pagbabayad ng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal nang hindi binabayaran ang delingkwenteng halaga alinsunod sa Seksyon 16 ng Patakaran sa Tubig ng Lungsod.

**7. Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig – Hakbang 2: Nakapaskil na Abiso sa Pagpapatigil ng Serbisyo**

- A. Hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago itigil ang serbisyo sa tubig, ang Lungsod ay magpapaskil ng isang "Abiso sa Nalalapit na Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tirahan" at ang isang kopya ng Patakarang ito sa isang kapansin-pansin na puwesto sa address ng serbisyo. Kasama sa Abiso ang:
  - 1) Ang pangalan at address ng kostumer.
  - 2) Ang halaga ng dapat bayaran sa Bayaring Munisipal.
  - 3) Ang petsang hindi bababa sa labinglimang (15) araw pagkatapos ng pagpaskil kung kailan dapat gawin ang pagbayad upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo sa tubig.
  - 4) Ang paglalarawan ng proseso sa pag-aplay para sa isang Kasunduan sa Amortisasyon.
  - 5) Ang oportunidad para sa mga nakatirang residente na nangungupahan sa isang landlord upang gampanan ang responsibilidad sa pagbabayad ng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal nang hindi binabayaran ang delingkwenteng halaga alinsunod sa Seksyon 16 ng Patakaran sa Tubig ng Lungsod.
  - 6) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kostumer ng Kasunduan sa Amortisasyon o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.
  - 7) Maaaring makipag-ugnayan sa kawani ng Customer Service ng Lungsod sa (714) 536-5919 mula 8:30 a.m. hanggang 4:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista-opsiyal ng Lungsod, upang matulungan ang mga naninirahan na ipatuloy ang serbisyo sa tubig.
- B. Kung saan ang Lungsod ay nagbibigay ng tubig sa pamamagitan ng isang master meter sa isang maramihang-yunit na tirahang istraktura, o isang mobile home park, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ay ang kostumer na nakatala, ang Lungsod ay gagawa ng isang mahusay na pagsisikap upang ipaalam sa mga naninirahan na ang account ay may mga atraso at ang serbisyo ng tubig ay ititigil sa petsa na tinukoy sa abiso. Kung hindi makatwiran o praktikal na magpaskil ng paunawa sa pintuan ng bawat yunit, ang Lungsod ay magpapaskil ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat nadadaan na karaniwang lugar

**8. Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Ititigil Ang Serbisyo Ng Tubig Sa Tirahan.**

Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal sa mga sumusunod na kalagayan:

- A. Isang nakabinbing apela ng isang pinagtatalunang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal o pagsisiyasat ng Lungsod sa isang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal sa ilalim ng Seksyon 13 sa ibaba;

- B. Kapag ang kostumer ay sumusunod sa isang Kasunduan sa Amortisasyon na inaprubahan ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 14; o
- C. Kapag ginampanan na ng (mga) residente ang responsibilidad sa pagbabayad ng Bayarin para sa Serbisyong Munisipal mula sa kanilang landlord alinsunod sa Seksyon 16.

**9. Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Ititigil Ang Serbisyong Gumagamit Ng Master Meter.** Kung ang Lungsod ay nagbibigay ng tubig sa pamamagitan ng isang master meter sa isang maramihang-yunit na tirahang istraktura, o isang mobile home park, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ay ang kostumer na nakatala, hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad kung ang isang opisyal ng Lungsod o pampublikong kalusugan ng County o opisyal ng gusali ay magpapatunay na ang pagtigil ng mga serbisyo ng tubig ay magreresulta sa isang malaking banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga residente ng tirahan o sa publiko.

**10. Mga Espesyal na Medikal at Pinansyal na Kalagayan Kung Saan Hindi Ititigil Ang Mga Serbisyo.** Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

- A. Ang kostumer, o isang nangungupahan ng kostumer, ay nagsumite ng Aplikasyon para sa Mga Espesyal na Kalagayan sa Lungsod.
- B. Bilang bahagi ng Aplikasyon, ang aplikante ay magbibigay ng isang sertipikasyon mula sa lisensyadong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ng aplikante na nagsasaad na ang pagtigil ng serbisyo ng tubig ay magbabanta sa buhay ni, o magdudulot ng isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng aplikante.
- C. Ipinakita ng aplikante na siya ay walang kakayahang pinansyal upang bayaran ang serbisyo sa tahanan sa loob ng normal na ikot ng Pagsingil ng Lungsod. Ang aplikante ay itinuturing na walang kakayahang pinansyal upang magbayad sa panahon ng normal na ikot ng Pagsingil kung:
  - 1) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (ii) ang aplikante ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury o sadyang pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawang daang (200) porsyento ng antas ng kahirapang pederal; at
  - 2) Ang aplikante ay nakahandang pumasok sa isang Kasunduan sa Amortisation alinsunod sa Seksyon 14.
- D. Para sa sinumang aplikante na nakakatugon sa lahat ng mga kundisyon sa itaas, ang Lungsod ay mag-aalok sa aplikante ng pagpipilian ng pag-amortise sa hindi bayad na balanse alinsunod sa isang Kasunduan sa Amortisasyon.
- E. Ang aplikante ay responsable para sa pagpapakita na ang mga kundisyon sa mga Subseksyon B at C ay natugunan. Kapag natanggap na ang dokumentasyon mula sa aplikante, susuriin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (i) ipaalam sa aplikante ang pagkakaroon ng Kasunduan sa Amortisasyon at hilingin sa kanya na lagdaan ito; (ii) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa aplikante; o (iii) ipaalam sa aplikante na hindi niya nakamit ang mga kundisyon sa subseksyon A.
- F. Maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung ang taong lumagda sa Kasunduan sa Amortisasyon sa ilalim ng Seksyon na ito ay hindi mananatiling kasalukuyan sa kasunduan.

Sa ganoong kaso, ang Lungsod ay magpapaskil ng isang pangwakas na abiso ng hangaring putulin ang serbisyo sa isang prominente at madaling makitang lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago itigil ang serbisyo. Ang pangwakas na abiso ay hindi magbibigay sa kostumer ng anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod.

**11. Panahon ng Pagtigil ng Serbisyo.** Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad sa araw ng Sabado, Linggo, ligal na pista opisyal, o anumang oras kung saan ang City Hall ay hindi bukas sa publiko.

**12. Pagpapanumbalik ng Serbisyo.** Ang mga kostumer na naputulan ng serbisyo sa tubig ay maaaring makipag-ugnayan sa Lungsod sa pamamagitan ng telepono o nang personal patungkol sa pagpapanumbalik ng serbisyo. Alinsunod sa HBMC Seksyon 14.12.120(B), ang pagpapanumbalik ay sasailalim sa buong pagbayad ng lahat ng mga natitirang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal, kabilang ang mga bayarin at singilin, mga buwis sa utility, bayarin sa pagiging huli at mga multa. Kapag itinigil na ang suplay ng tubig dahil sa hindi pagbabayad o sa paglabag sa Ordinansa ng Lungsod, sa Resolusyon o sa Patakarang ito, ang serbisyo ay hindi sisimulan muli hanggang sa ang bayarin sa pagpapatigil, gaya ng itinakda ng Resolusyon ng Lungsod, at ang lahat ng mga delingkwenteng balanse ng munisipal na serbisyo ay nabayaran.

**13. Mga Pamamaraan sa Pagtalo o Pag-apela sa Bayarin para sa Serbisyong Munisipal.**

- A. Panahon upang Simulan ang Reklamo o Hiling para sa Imbestigasyon. Ang isang kostumer ay maaaring magsimula ng isang reklamo o humiling ng isang imbestigasyon tungkol sa halaga ng isang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal sa loob ng limang (5) araw mula sa pagtanggap ng isang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal.
- B. Pagsusuri ng Lungsod. Susuriin ng Lungsod, at ibibigaysa kostumer ang isang nakasulat na pagpapasiya ng isang napapanahong reklamo, kahilingan para sa imbestigasyon, o iskedyul ng amortisasyon. Ang Lungsod ay maaari, ayon sa pagpapasiya nito, na suriin ang mga hindi napapanahon na mga reklamo, mga hiling sa imbestigasyon o mga iskedyul ng amortisasyon; subalit, ang mga nasabing pagsusuri ay hindi maaaring i-apela.
- C. Apela sa Konseho ng Lungsod ng Mga Reklamo at Hiling sa Imbestigasyon Lamang. Ang sinumang kostumer na ang napapanahong reklamo o hiling para sa isang imbestigasyon ay nagresulta sa isang salungat na pasya ay maaaring i-apela ang pasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-file ng isang nakasulat na apela sa Klerk ng Lungsod sa loob ng limang (5) araw mula sa pagtanggap salungat na pasya. Sa pagtanggap ng abiso sa apela, ang Klerk ng Lungsod ay mag-iiskedyul ng pagdinig para sa apela sa isang paparating na pulong ng Konseho ng Lungsod at padadalhan ang kostumer ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay Pinal.
- D. Para sa mga layunin ng Seksyong ito lamang, ang limang (5) araw upang mag-apela para sa isang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ay nagsisimula limang (5) araw pagkatapos maipadala ng Lungsod ang bayarin, at ang limang (5) araw upang mag-apela sa Konseho ng Lungsod ng isang salungat na pasyang administratibo sa isang apela ay nagsisimula limang (5) araw pagkatapos maipadala ang salungat na pasya. Subalit, sa lahat ng mga kaso, ang limang araw ay agarang nagsisimula sa pagpapadala ng bayarin o salungat na pasya.

**14. Mga Kasunduan sa Amortisasyon Para sa Delingkwenteng Bayarin.**

- A. Ang isang kostumer na hindi kayang bayaran nang buo ang kanyang nakaraang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ay maaaring humiling ng isang "Kasunduan sa Amortisasyon." Ang isang "Kasunduan sa Amortisasyon" ay isang kasunduan na nagpapahintulot sa kostumer na patuloy na tumanggap ng serbisyo sa tubig habang binabayaran niya sa paglipas ng panahon ang isang delingkwenteng balanse sa kanyang account ng Serbisyong Munisipal.

- B. Ang isang kostumer ay maaaring humiling ng Kasunduan sa Amortisasyon anumang oras pagkatapos tumanggap ng isang Abiso sa Nakaraang Bayarin na nabigong bayaran ng kostumer sa loob ng dalawampu't walong (28) araw mula sa pagtanggap ng Bayarin. Ang isang customer ay hindi maaaring humiling ng Kasunduan sa Amortisasyon nang lampas sa limang (5) araw matapos maipaskil ang isang Abiso sa Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig sa address ng serbisyo.
  - C. Ang isang kostumer ay maaaring humiling ng Kasunduan sa Amortisasyon sa pamamagitan ng telepono o nang personal sa numero ng telepono ng pakikipag-ugnayan o address sa Seksyon 2.
  - D. Ang isang kawani ng Lungsod ang tutukoy kung ang pagbayad ng isang kostumer sa kanyang hindi nabayaran balanse ay maaaring pansamantalang palawigin sa panahong hindi lalampas sa anim (6) na buwan. Ang Punong Opisyal ng Pananalapi ng Lungsod, o ang kanyang itinalaga ay maaaring aprubahan ang isang mas matagal na panahon ng amortisasyon. Ang Kasunduan sa Amortisasyon ay itatakda nang pagsulat at lalagdaan ng kostumer. Isasaad ng Kasunduan na ang kostumer ay dapat manatiling kasalukuyan sa lahat ng kasunod na Bayarin para sa Serbisyong Munisipal habang binabayaran ang hindi bayad na balanse. Ang buwanang pagbabayad ng amortisasyon ay idadagdag sa buwanang Bayarin para sa Serbisyong Munisipal ng kostumer hanggang sa ganap na mabayaran.
  - E. Ang desisyon ng kawani ng Lungsod na itakda ang mga tuntunin ng isang Kasunduan sa Amortisasyon, o tumanggi na pumasok sa isang Kasunduan sa Amortisasyon ay hindi maaaring i-apela.
  - F. Kapag nilabag ng isang kostumer ang Kasunduan sa Amortisasyon, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagpaskil ng parehong Abiso ng Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig na inilarawan sa Seksyon 7, maliban na ang Abiso ay ipapaskil nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago itigil ang serbisyo sa tubig. Ang Abisong ito ay hindi magbibigay ng karapatan sa kostumer para sa anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod.
- 15. Mga Tukoy na Programa para sa Mga Kustomer na May Mababang Kita.**
- A. Para sa mga kostumer ng tirahan na maipapakita sa Lungsod ng kita ng sambahayan na mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng Pederal Na Linya Ng Kahirapan, lilimitahan ng Lungsod ang anumang bayarin sa muling pagkonekta gaya ng nakasaad sa City Master Fee Schedule.
  - B. Ituturing ng Lungsod ang isang kostumer ng tirahan na may kita sa sambahayan na mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng Pederal na Linya ng Kahirapan kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang customer ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury o sadyang pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan ng County ng Orange.
- 16. Mga Pamamaraan Upang Maging Mga Kustomer ng Lungsod Ang Mga Residente o Nangungupahan.**
- A. Ang Seksyon 16 na ito ay nalalapat lamang kapag ang may-ari ng ari-arian, landlord, tagapamahala, o operator ng isang address ng serbisyong pang-tirahan ay nakalista bilang kostumer sa talaan at nabigyan ng isang abiso ng layunin na itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.
  - B. Ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga aktwal na residente naninirahan kung ang bawat naninirahan ay sasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyo at natugunan ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng Lungsod.

na konektado sa iisang metro at ang isa sa mga naninirahan ay mananagot ng responsibilidad para sa kasunod na mga singilin sa lahat ng mga yunit.

- C. Upang maging karapat-dapat na maging kostumer nang hindi binabayaran ang halaga sa delingkwenteng account, dapat masiguro ng naninirahan, sa kasiyahan ng Lungsod, na ang kostumer na nakatala para sa delingkwenteng account ay o ang dating landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa patunay, ang isang kasunduan sa pagrenta, mga resibi ng pagrenta, isang dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang naninirahan ay rumerenta sa ari-arian, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code.
- D. Ang (mga) naniirahan na mananagot sa responsibilidad para sa (mga) yunit ay dapat magbayad ng isang deposito para sa (mga) unit alinsunod sa Seksyon 3.

**17. Wika para sa Ilang Nakasulat na Abiso.** Ang lahat ng nakasulat na mga abiso sa ilalim ng mga Seksyon 6 at 7 ay dapat ibigay sa mga wikang Ingles, Espanyol, Intsik, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang wika na sinasalita ng sampung porsyento (10%) o higit pang mga tao sa loob ng Lungsod.

**18. Iba Pang Mga Remedyo.** Bilang karagdagan sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig, maaari ring maghabol ang Lungsod ng anumang iba pang mga remedyo na magagamit sa batas o equity para sa hindi pagbabayad ng mga singilin sa serbisyo ng tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagkuha ng mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsumite ng pagbebenta sa mga pag-aari, pagsampa ng paghahabol o ligal na pagkilos , o pagpasa sa mga di-bayad na halaga sa mga kolektor.

**19. Pagpapatigil ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Ibang Mga Paglabag ng Kostumer.** May karapatan ang Lungsod na itigil ang serbisyo ng tubig para sa anumang paglabag sa mga ordinansa, panuntunan, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbayad.

**20. Mga Desisyon ng Kawani ng Lungsod.** Ang anumang desisyon na maaaring gawin ng Punong Opisyal ng Pananalapi ng Lungsod sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng kanyang itinalaga.